Lord Mayor
of Sydney
CLOVER MOORE

Sydney Town Hall

GPO Box 1591
Sydney NSW 2001 Australia
Phone 02 9265 9229 Fax 02 9265 9328
Email cmoore@cityofsydney.nsw.gov.au

CITY OF SYDNEY

Sa ngalan ng mga taong nakatira at nagtatrabaho dito, ikinagagalak kong batiin kayo ng maligayang pagdating sa Sydney – isa sa mga pinakamasigla at may sari-saring kultura na lungsod sa mundo.

Kabilang sa aming komunidad ay mga taong nagmula pa sa mahigit 180 na bansa. Ang pinagsama-samang mga kultura, kasaysayan, karanasan at kwento na ito ang siyang sanhi kung bakit ang aming lungsod ang mainam na lugar para sa paninirahan, pagbisita, pagtatrabaho at pag-aaral.

Dahil sa walang kapantay na istilo ng pamumuhay, ang Sydney ang pinakanakapupukaw na destinasyon para sa pag-aaral sa buong Australia. Mayroon kaming mga nangungunang pasilidad para sa pananaliksik at magagaling na propesor, na nagbibigay sa mga dayuhang estudyante ng mahuhusay na pagkakataon sa edukasyon.

Nag-aalok ang Sydney ng pambihirang istilo ng pamumuhay sa pamamagitan ng mga karanasan sa mga café, tindahan, bar at restawran pati na rin ang ilan sa pinakamahusay at nagbibigay ng inspirasyong sining, kultura at natural na kapaligiran na makikita saan man sa Australia.

Ang Sydney ay isang lungsod na punung-puno ng oportunidad at posibilidad. Habang nag-aaral ka dito, masisiyahan ka sa mga kaganapang pampalakasan at pangkultura, kabilang na ang aming mga kagila-gilalas na pagdiriwang ng Bisperas ng Bagong Taon at ang pinakamalaking pagdiriwang ng Chinese New Year na ginaganap sa labas ng Asya.

Hinihikayat din kita na makipag-ugnayan sa iyong lokal na komunidad at lumahok sa mga pagkakataong magboluntaryo upang pagyamanin ang iyong karanasan dito at madagdagan ang nalalaman tungkol sa lokal na kultura at mga tao..

Ang masigla, madaling marating at ligtas na lungsod na ito ay naghihintay lang na magalugad – maligayang pagdating sa aming kahanga-hangang lungsod.

Clover Moore.

**Lord Mayor of Sydney**
**Clover Moore**